

Contrast enema (Filipino)

Adult (18 years and over) | Patient information

Nasa gulang (18 taong gulang pataas) | Impormasyon sa pasyente

Ang isang kopya ng kasulatang ito ay dapat ibigay sa pasyente / pamalit na tagapagpasya upang basahin nang mabuti at maglaan ng oras na magtanong ng anumang mga katanungan tungkol sa 'procedure'. Ang information sheet ng pasyente ay dapat na isama sa rekord na medikal ng pasyente.




1. Ano ang 'contrast enema' at paano ito makakatulong sa akin/ sa pasyente?

Ang 'contrast enema' ay isang pamamaraang 'x-ray' na gumagamit ng 'contrast' (dating tinatawag na "x-ray dye"), gaya ng Barium at Gastrografin®. Ang 'enema' ay ipinapasok sa puwit. Sinusuri ng 'procedure' ang malaking bituka (usus ng bituka).

Imahe 1: 'Contrast enema'

Illustration Copyright © 2019 Nucleus Medical Media, All rights reserved.

www.nucleusmedicalmedia.com



Paghahanda para sa 'procedure'

Bibigyan ka ng 'medical imaging department' ng mga tagubilin kung paano maghahanda para sa iyong 'procedure'.

Ang bituka ay dapat lubos na walang laman para maging tumpak at kumpleto ang 'procedure'. Bibigyan ka ng isang kit para sa paghahanda ng bituka upang matiyak na ang iyong bituka ay walang laman bago ang 'procedure'.

Mangyaring sabihin sa kawani kung ikaw ay buntis, o may hinala na buntis.

Walang kinakailangang anestisya para sa 'procedure' na ito.

Habang isinasagawa ang procedure

Ang isang maliit na pinadulas na tubo ay dahan-dahang ipapasok ng bahagya sa iyong puwit. Ang isang maliit na lobo sa dulo ng tubo ay palalakahin upang matulungan itong hindi matanggal at tulungang maiwasan ang pagtagas ng 'contrast'.

Ang 'contrast' ay dahan-dahang ipapasok sa iyong bituka sa pamamagitan ng tubo. Ididirihe kang pumalibot sa mesa ng x-ray para mapahiran ng 'contrast' ang mga dingding ng iyong bituka, papayagan nitong makita ang iyong bituka sa mga imahe ng x-ray. Kung minsan may hangin na ipapasok sa labasan ng dumi o bituka sa pamamagitan ng tubo. Kukuha ng mga imahe ang 'X-ray'.

Kapag ang lahat ng mga imahe ng x-ray ay nakuha na, ang 'contrast' ay lilimasin mula sa iyong bituka sa pamamagitan ng tubo (hangga't maaari). Aalisin ang tubo mula sa iyong puwit.

Maaari kang makaramdam ng kawalan ng ginhawa kapag ang tubo ay ipinasok sa iyong puwit at pinalaki ang lobo. Maaari kang magkaroon ng pakiramdam ng kapunuan at banayad na

pamumulikat ng tiyan sa 'procedure' na ito, ito ay normal. Minsan bibigyan ka ng gamot na pampa-relax ng kalamnan para lumuwag ang kawalan ng ginhawa.



2. Ano ang mga panganib?

May mga panganib at kumplikasyon sa 'procedure' na ito. Maaari ding magkaroon ng mga panganib pagtungkol sa indibidwal na kundisyon at kalagayan ng bawat tao. Mangyaring talakayin ang mga ito sa doktor/clinician. Kasama ang mga panganib ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

Pangkaraniwang mga panganib at kumplikasyon

- Hirap sa pagdumi- ang pag-inom ng ekstrang likido at "laxatives" ay maaaring makatulong dito
- Pagtatae- na nagdudulot ng kakulangan sa tubig, ang pag-inom ng ekstrang likido ay makakatulong dito.

Di karaniwang mga panganib at kumplikasyon

- ang 'procedure' ay maaaring hindi posible dahil sa medikal at/o teknikal na mga kadahilanan.

Bhirang mga panganib at komplikasyon

- mas mataas na antas ng peligro ng panghabang-buhay na cancer dahil sa pagkakatantad sa mga x-ray
- butas sa bituka. Ito ay maaaring mangailangan ng "antibiotic" at operasyon
- pagdurugo mula sa bituka. Maaaring mangailangan ito ng iba pang mga 'procedure' at / o "corrective surgery"
- ang pagdurugo ay mas karaniwan kung ikaw ay umiinom ng gamot na nakaninipis ng dugo, gaya ng "warfarin, aspirin, clopidogrel (prasugrel (Effient), dipyridamole (Persantin or Asasantin), ticagrelor (Brilinta), apixaban (Eliquis), dabigatran (Pradaxa), rivaroxaban (Xarelto) o komplementaryo/alternatibo na gamot, gaya ng "fish oil" at turmeric.
- "bacteraemia" (impeksyon sa dugo). Mangangailangan ito ng "antibiotic"
- "allergic" na reaksiyon sa "contrast". Ito ay maaaring magresulta sa pantal, pantal na "hives", pangangati, pagduduwal,

pagkahilo o kahirap sa paghinga. Maaaring maibsan ang mga ito ng gamot.

- pagkamatay dulot ng ganitong pamamaraan ay napakabihira.

Ano ang mga panganib kung hindi dadaan sa 'contrast enema'?

Maaaring may mga kahihinatnan kung magpasyang hindi dumaan sa ganitong pamamaraan/gamutan/pagsisiyasat/pagsusuri. Mangyaring talakayin ang mga ito sa doktor/clinician.



3. May mga alternatibo ba?

Ang pagpapasya na dumaan sa ganitong 'procedure' ay mangangailangan ng pag-unawa ng pasyente/kinatawan na tagapagpasya sa mga laang mapagpipilian. Mangyaring talakayin ang anumang mga alternatibong gamutan sa iyong doktor/clinician.



4. Ano ang aking aasahan pagkatapos ng 'procedure'?

Pagkatapos ng 'procedure' maaari ka nang pumunta sa banyo. Ang iyong dumi ay maaaring maging kulay puti nang ilang araw, ito ay normal.

Mahalaga na uminom ng maraming tubig sa ilang araw pagkatapos ng 'procedure' upang maiwasan ang kahirapan sa pagdumi at kakulangan sa tubig.

Ano ang mga isyung pangseguridad paglabas ng ospital?

Pumunta sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya o "GP" kung may di magandang nararamdaman o may:

- Problema sa pagdumi o pag-ihing
- Pananakit ng tiyan at/o paninigas
- Matinding pananakit ng tiyan
- Pagdurugo mula sa puwit (mahigit sa ½ tasa ng dugo)
- Lagnat



5. Sino ang gagawa ng 'procedure'?

Ang doktor/clinician maliban sa consultant/specialist ay maaaring tumulong sa/magsagawa ng nararapat na klinikal na proseso/ imbestigasyon/eksaminasyon.

Ito ay maaaring doktor/clinician na kasalukuyang sumasailalim sa karagdagang pagsasanay, gayunman ang lahat ng mga nagsasanay ay pangangasiwaan ayon sa naaangkop na panuntunang propesyonal.

Kung mayroon kang ilang pag-aalala tungkol sa sinong doktor/clinician ang magsasagawa ng 'procedure', pakitalakay ito sa doktor/clinician.



6. Saan ako maaaring kumuha ng suporta at iba pang impormasyon?

Pangangalaga sa Ospital: bago, habang at pagkatapos ay makukuha mula sa "Queensland Health Website www.qld.gov.au/health/services/hospital-care/before-after kung saan mababasa ang iyong mga karapatan sa pag-aalaga ng iyong kalusugan.

Makikita din ang listahan ng mga gamot na pampanipis ng dugo sa www.health.qld.gov.au/consent/bloodthinner.

May mga kawani na handang magbigay ng suporta sa mga pangkultura at pang-ispiritwal na pangangailangan ng mga pasyente. Kung nais mo ng pangkultura at pang-ispiritwal na suporta, mangyaring talakayin sa iyong doktor/ clinician.

Kinikilala ng Queensland Health na ang mga pasyente ng Aboriginal at Torres Strait Islander ay makakaranas ng pinakamahusay na klinikal na pangangalaga kung ang kanilang kultura ay kabilang sa proseso ng pagpapasya.



7. Mga Tanong

Mangyaring tanungin ang doktor/clinician kung hindi mo nauunawaan ang anumang aspeto sa information sheet ng pasyenteng ito o kung mayroon kang anumang mga katanungan kaugnay ng iyong/medikal na kundisyon, mga mapagpipiliang gamutan at mungkahing pamamaraan/gamutan/pagsisiyasat/ eksaminasyon.



8. Kontakin Kami

Kung emerhensiya, tumawag sa Triple Zero (000).

Kung hindi naman emerhensiya, pero may alalahanin, kumontak sa 13 HEALTH (13 43 25 84), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.